



Editoryal

Rebolusyon ang sagot sa kahirapan

Hungkag ang mga pahayag ni Gloria Arroyo na ligtas sa pandaigdigang resesyon ang lokal na ekonomya, na minimal lamang ang magiging epekto nito sa bansa at pagbagal lamang umano ang mangyayari dahil nasuhayan ng kanyang rehimeng ekonomya laban sa mas mabigat na epekto ng krisis.

Ipinagmamalaki nito ang pag-papataw ng *value added tax* (VAT) na siya umanong sumusuhay ngayon sa ekonomya at pinanggalingan ng mga "subsidyo" na pantulong daw sa mga naghihirap at nagugutom na mamamayan. Pinalalabas na mabubuhay ang bansa sa remitans ng mga migranteng Pilipino at sa inaasahang papasok na dayuhang kapital, pa-utang at "ayuda."

Magiging masahol, matagal at mapangwasak ang resesyon sa mga atrasado at di industriyal na mga malakolonya tulad ng Pilipinas.

Ngayon pa lamang ay napasisi-nungalingan na ang mga buladas ni Arroyo. Lalong lumalala ang kahirapan at kagutuman sa bansa. Mabilis na tumataas ang presyo ng mga bilihin, mababa ang kita at lu-

malaganap ang disemployo.

Kung pagbabatayan ang sarbey ng Social Weather Stations noong Disyembre, pinakamalala ang kagutuman ngayon kung saan 23.7% (21.5 milyon katao) ng mamamayang Pilipino ang dumaranas ng iba't ibang antas ng kagutuman. Mas malala pa rito ang 40% tan- tos ng kagutuman, ayon sa sarbey ng Gallup International nitong Nobyembre. Doble ito ng pandaigdigang abereyds at naglagay sa Pilipinas bilang ikalima sa taalan ng kagutuman sa buong mundo.

Walang anumang naitulong sa ekonomya ng bansa at sa naghihi-kahos na mamamayan ang VAT na ipinagmamalaki

ni Arroyo at ang mga "subsid-yong" kinuha rito para umano sa mga maralita at nagugutom. Sa katuanya,

ang malaking kalakhan ng mga ito ay sinarili lamang ni Arroyo at mga kasapakat niya para magpakabundat at makapangunyapit sa kapangyarian lampas sa 2010.

Samantala, wala pa ring tigil ang sakim na pangungurakot nina Arroyo na isinasangkalan ang umano'y pagtulong sa mahihirap at pag-apula sa epekto ng tumitingding krisis pangkabuhayan ng mamamayan.

Mga tampok sa isyung ito...

Maniningnin na tagumpay ng PKP sa mga rehiyon PAHINA 3

33 armas nasamsam,
3 pulis nabihag sa mga opensiba PAHINA 4

Panibagong agresyon ng Israel sa Palestine
PAHINA 8

Pinakahuling halimbawa nito ang ₱20 bilyong Special Purpose Fund (SPF) sa pambansang badyet para sa 2009. Nakalaan ang mahigit ₱15 bilyon nito bilang pandagdag na badyet para sa GMA Rice Program, GMA Corn Program, GMA High Value Crops Program, GMA Livestock Program at mga kahalintulad na proyektong dati nang nagsisilbing palabigasan ng Malacañang. Tanging si Arroyo ang nagtatakda kung saan ilalaan ang SPF.

Kahit walang lubay sa kabibigay ng "katiyakan" ang mga upisyal ng gubyerno, hindi nito mapagtatakpan ang lumalalang suliranin ng disempleado. Tinatayang lolobo ang bilang ng mga walang hanapbuhay sa harap ng pagsasara ng mga industriyang pang-eksport at pag-uwi ng daan-daang libong migranteng manggagawang Pilipino.

Sa harap ng nag-iibayong kalaritaan at paghihirap, walang ibang masusulingan ang mamamayan ng Pilipino kundi ang bagtasin ang rebolusyonaryong landas. Ito ang tanging daan para matamo nila ang malaya, makatarungan at masaganang bukas.

AB

Lumalala ang disempleado

Mag-iibayo pa ang kahirapan at kagutuman sa Pilipinas sa pagtindik ng krisis at pagdami ng mawawalan ng trabaho sa bansa. Pinakakagyat ang tanggalan ng mga manggagawa sa mga industriyang nag-eeksport sa US at iba pang pangunahing kapitalistang bansa.

Pangunahin na rito ang industriyang elektroniks na nagluluwal ng 67-70% ng eksport ng Pilipinas, kalakhan sa US. Bunga ng pagdausdos ng pandaigdigang pamilihan para sa mga produkto nito, bumabagsak ito nang mahigit 30% kada buwan, at inaasahang patuloy na babagsak ngayong taon. Marami sa mga 600,000 manggagawa sa industriyang ito ay pinagtatanggal na o nanganganib na matanggal.

Dahil papaliit na rin ang kanilang mga eksport, maramihan na ring nagtatanggal ng manggagawa ang mga pagawaan ng kasuotan at mwebles, na pangalawa at pangatlong pinakamalalaking eksport ng bansa. Sa US din iniluluwas ang kalakhan ng mga produktong ito.

Mabigat din ang magiging epekto ng pagbabawas ng "ayuda" ng mga imperyalista sa anyo ng Official Development Assistance (ODA). Kadalasa'y ginagamit ang mga ito sa mga proyektong imparastruktura at iba pang malalaking proyekto upang kumita ang mga pinapaborang imperyalistang korporasyon. Nagbawas na ang mga imperyalista ng hanggang 30% ng pondo ng ODA para sa mahihirap na mga bansa.

Malaki ring kabawasan sa empleyo ang idudulot ng pag-atras ng dayuhang puhunan. Nangalahati na ang neto ng bagong dayuhang pamumuhan nitong nakaraang taon. Ngayong taon ay tinataya na mas malaki pang dayuhang puhunan ang tuluy-tuloy na lalabas ng bansa.

Kahit ang sektor ng *business process outsourcing* (pangunahi'y mga *call center* para sa merkadong US) ay tumutumal. Sa ngayon ay sangkatlo pa lamang ng target na 920,000 trabaho ang nalilikha nito. Imposibleng makamit pa ang target hanggang sa susunod na taon sa harap ng walang tigil na pagdausdos ng mga kumpanyang gumagamit sa serbisyo ng mga *call center*.

Halos 11 milyon na ang wala o kulang ang trabaho. Tinatayang lalaki pa ito nang minimum na isang milyon ngayong taon.

Ang mga bilang na ito ay labas pa sa tinatayang mahigit 500,000 migranteng Pilipino na mawawalan ng trabaho at maoobligang umuwi.

Ngayon pa lamang, libu-libo nang migranteng Pilipino ang pinauwi mula sa mga bansa sa Asia, partikular sa Taiwan at South Korea. Ang Australia at ilang bansa sa Europe ay nagsara na sa pagpasok ng karagdagang mga migranteng manggagawa. Nagsara na rin ang Canada at mga bansa sa Europe at Middle East sa pagpasok ng mga migranteng propesyunal tulad ng mga nars. Tinatayang 30,000 migranteng Pilipino na ang nahagip ng malawakang tanggalan sa US.

AB



Taon XL Blg. 1 Enero 7, 2009

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong *i-download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.net

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa:

angbayan@yahoo.com

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Nilalaman

Editorial

Rebolusyon ang sagot sa kahirapan 1

Lumalala ang disempleado 2

Maniningning na tagumpay ng PKP 3

Matatagumpay na TO

33 armas nasamsam; 3 pulis nabihag 4

2 bihang, pinalaya ng BHB 5

Panalanta ng pasistang estado

Mga abusong militar sa Aurora 6

Mga aktibista, inaresto, pinaslang 7

Sa ibayong dagat

Panibagong agresyon sa Palestine 8

Maniningning na tagumpay ng PKP sa mga rehiyon

Nagakmit ng maniningning na tagumpay ang mga rebolusyonaryong pwersa nitong 2008 sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP). Sumusunod ang ilang halimbawa nito, batay sa mga panimulang ulat mula sa mga rehiyon.

Sa Mindanao. Lumago nang 5% kapwa ang kasapihan ng Partido at Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa isla. Sa kasalukuyan, kumikilos ang mga rebolusyonaryong pwersa sa mahigit 2,000 baryo sa 200 lunsod at bayan sa 19 na prubinsya ng isla. Daan-daang libong masang magsasaka ang nabiyayaan sa pagpapatupad ng minimum na programa ng rebolusyong agraryo.

Walang nawasak ni isang larangang gerilya sa kabilang walang awat na mga atake ng kaaway. Sa katunayan, nitong nagdaang taon, nadagdagan ng apat ang dati'y 35 larangang gerilya sa isla. Nakapaglunsad ng 300 taktikal na opensiba ang BHB kung saan nakasamsam ito ng mahigit 200 malalakas na armas. Sa karamihan ng mga konolidadong baryo ay may di bababa sa

isang iskwad ng milisyang bayan.

Bigo ang mga kontra-rebolusyonaryong kampanyang militar na inilunsad ng kaaway sa Mindanao: ang "Oplan Destroyer" sa North Central Mindanao, "Oplan Diwata" sa Northeastern Mindanao at "Oplan Pag-aso" sa Southern Mindanao.

Ayon kay Jorge "Ka Oris" Madlos, tagapagsalita ng National Democratic Front sa Mindanao, kung kinakailangan ay kaya na ng hukbong bayan sa Mindanao na tumipon ng hanggang lakas batalyong pormasyon para birahin ang partikular na mga target. Ipinahayag ito ni Ka Oris nang ipagdiwang sa isang magubat na lugar sa Agusan del Norte ang ika-40 anibersaryo ng pagtatatag ng PKP. Ang pagdiriwang ay dinaluhan ng mga piling kagawad ng midya, may 200 Pulang mandirigma ng BHB at daan-daang mamamayan.

Sa Panay. Ayon sa pahayag ni Kasamang Concha Araneta, tagapagsalita ng Partido sa Panay, lumaki nang 200% ang kasispihan ng Partido mula 2001. Napatili ng BHB ang inisyatiba ni-to at nasustini ang paglulunsad ng mga taktikal na

opensiba nitong nakaraang mga ta-on. Matagumpay itong nakapaglunsad ng 65 taktikal na opensiba. Bagamat nakaranas ito ng 12 depensiba sa panahong ito, kalakha'y na-agaw pa rin ng BHB ang inisyatiba at nakapagdulot ito ng pinsala sa kaaway.

Sa kalakhan ay nabigo ang OBL2 sa Panay at nakapaglunsad ang mga yunit ng BHB ng mga taktikal na opensiba kahit sa mga lugar na idinedeklara ng kaaway na kontrolado na nila. Wala rin ni isang larangang gerilya sa isla na nalansag ng kaaway.

Nasa proseso ngayon ng pagkakamtib na laking-kumpanyang pwersa sa mga larangang gerilya sa isla.

Sa lupaing nabawi mula sa 3rd Infantry Division ng Philippine Army at mula sa mga mangangamkam ng lupa at bagong panginoong maylupa, sa pamamagitan ng kooperatibong pagsisikap ay nakapaglinang ang masa ng kanilang mga permanenteng sakahan mula sa mga dating kaingen. May pangtagalan itong mga pananim at nasusustineng agrikultura.

Sa Negros. Mula sa dalawang maliliit na platon lamang noong 1992-93, mayroon na ngayong ilang platung gerilyang kumikilos sa ilang bayan at distrito sa isla. Suportado ito ng isang batalyon ng lokal na milisya sa pagpapatupad ng mga gawain sa pagtatatag ng baseng masa at paglulunsad ng rebolusyong agraryo at armadong pakikibaka. Ayon kay Ka Diego Daghoy, tagapagsalita ng Komiteng Rehiyon ng Negros, nakapaglunsad ang mga platung gerilya ng 50 taktikal na opensiba nitong 2008 o abereyds na apat na taktikal na opensiba bawat buwan.

Sa ilalim ng Oplan Kalinaw Visayas II (implementasyon ng OBL 2 sa Kabisayaan), nagdeploy ng mahigit 10,000 tropa ang kaaway sa Negros. Nakatuon ang mga ito sa pagbibigay-proteksyon sa malala-





33 armas nasamsam sa Rizal at Agusan; 3 pulis nabihag

king lupain ng pamilyang Arroyo, Cojuangco at iba pang malalaking asendero. Sa kabilang ng malaking bilang ng tropa ng kaaway, hindi napigilan ang pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan sa isla. Bigo ang OBL2 sa Negros.

Itinatayo rin ngayon ang mga sonang gerilya at baseng gerilya sa sampung kongresyunal na distrito na may di bababa sa 120,000 baseng masa. Sa mga eryang ito, mahigit 30,000 na ang nabiyyayaan ng kampanyang antipyudal para pataasin ang presyo ng kanilang mga produktong agrikultural at sahod sa trabaho, pababain ang tantos ng usura, pataasin ang antas ng produksyon at iba pa.

Napahusay ang sistema ng mga lokal na rebolusyonaryong gubyerno at naisulong ang gawing pang-ekonomya, pampolitika, militar at pangkultura sa lokal na antas. Pinakinabangan ng masa sa mga larangang gerilya ang mga biiyaya ng mga programa sa produksyon agrikultural, edukasyon, kalusugan at kalinisan, depensa, pagpapanibago ng kagubatan, kultura at iba pa.

Mahigpit na ipinanawan ng PKP sa mga rebolusyonaryong pwersa na magkamat ng mas malalaki pang tagumpay habang naghahanda sa pagdiriwang ng ika-40 anibersaryo ng pagtatatag ng BHB sa darating na Marso 29. Nakikinikinita ng PKP ang ibayo pang pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan sa gitna ng paglala ng pandaigdigan at lokal na krisis sa ekonomya at paninikluod ng rehimeng Arroyo sa mga dikta ng impeyalistang amo nito. Ang iba-yong pagmamalupit ng rehimeng mamamayan at ang imbing pakana nitong magpalawig sa poder lampas ng 2010 ay nag-uudyok ng pag-iibayo ng rebolusyonaryong paglaban ng mamamayan ng Pilipino.

AB

Nakasamsam ang mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ng hindi bababa sa 33 armas at mga kagamitang militar sa isang ambus sa Rizal at sabayang pagsalakay sa isang malaking minahan at istasyon ng pulis sa Agusan del Norte. Napatay din ang walang tropa ng militar at pulisia at nasugatan ang pitong iba pa habang nabihag naman ang isang tiniyente at dalawang tauhan ni-to sa mga taktikal na opensibang inilunsad ng BHB sa iba't ibang dako ng bansa bago at pagkatapos ng unilateral na tigil-putukan ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) noong Disyembre 24-26 at Disyembre 31, 2008-Enero 1, 2009.

Samantala, nasa kamay ngayon ng Narciso Antazo Aramil Command (NAAC) ng BHB-Rizal bilang mga bihag-digma sina P/Inspector Rex Cuntapay, PO1 Alberto Umali at PO1 Marvin Agasin.

Enero 3. Nakasamsam ng 12 armas ang mga Pulang mandirigma ng isang yunit ng NAAC mula sa tinambangan nilang anim na elemento ng 418th Police Mobile Group (PMG) bandang ala-1:00 ng hapon sa Barangay Macabud, Rodriguez, Rizal. Nasamsam sa kanila ang anim na M16, tatlong pistolang 9 mm, tatlong pistolang kalibre .45 at mga *cellphone*.

Isang pulis ang agad na napatay nang pasabugan ng *land mine* ang sinasakyang nilang *patrol car* at paulanan sila ng bala at granada habang papalapit sa bayan ng Rodriguez, mga 40 kilometro sa silangan ng Maynila. Reresponde sana sila sa ulat na may sinunog na trak.

Sumuko sa mga Pulang mandirigma sina P/Insp. Rex Cuntapay, PO1 Umali at PO1 Agasin at itinuturing silang mga bihag-digma, ayon sa kalatas ng NAAC na natanggap ng *Ang Bayan*. Nilapatang naman ng paunang lunas ang mga nasugatan bago sila ipadala sa ospital.

Disyembre 29. Apat na sunda-



lo ng 9th IB ang nasugatan sa ambus na isinagawa ng mga mandirigma ng Jose Rapsing Command ng BHB sa Sityo Acacia, Barangay Asid, Masbate City. Galing ang mga sundalo sa kanilang headquarters sa bayan ng Milagros nang pasabugan ng *land mine* ang sinasakyang nilang trak.

Bago ito, pinasabugan din ng mga gerilyang bayan ang isang istasyon ng pulis sa Placer, Masbate noong Disyembre 27.

Disyembre 27. Limang sundalo ng 30th IB ng Philippine Army ang iniulat na napatay nang tambangan ng mga Pulang mandirigma sa Barangay Tagmamarkay, Tu-



bay, Agusan del Norte. Nangyari ito isang araw makalipas ang mata-gumpay na pagdaraos ng mga reboleusyonaryong pwersa sa Northeastern Mindanao Region ng ika-40 anibersaryo ng muling pagtatatag ng PKP. Pakay ng mga sundalo na tugisin ang mga pwersa ng BHB sa lugar na pinagdausan ng selebrasyon.

Disyembre 22. Labingwalong armas ang nakumpiska ng mga gerilya ng Front 21 ng BHB sa Northeastern Mindanao nang lusubin ni-la ang himpilan ng pulisia sa bayan ng Tubay. Kinabibilangan ito ng sampung M16, tatlong shotgun, dalawang pistolang 9 mm, isang pistolang kalibre .45, isang pistolang kalibre .40, at isang kalibre .22 na rebolber. Nakakumpiska rin ang BHB ng dalawang radyong VHF.

Samantala, isang sundalo ang napatay at isa ang nasugatan sa la-

banang naganap sa pagitan ng mga sundalo at BHB sa Sityo Calasuhan, Barangay Tagmamarkay sa naturan ding bayan bandang alas-5 ng hapon.

Bago ang reyd sa himpilan ng PNP sa Tubay, dinisarmahan ng BHB ng tatlong baril ang mga gwardya ng San Roque Mining Corp. (SRMIN), isa sa malalaking minahan ng nickel sa nasabing lalawigan. Nagpanggap na mga pulis ang mga gerilyang nagsagawa ng operasyong disarma bandang alas-12:30 ng madaling araw.

Aksyong pamarusa ang ginawang paglusob ng BHB sa SRMIN, ayon kay Ka Maria Malaya, tagapagsalita ng NDF-Northeastern Mindanao Region. Inirerekamo ng mga tribo ng Manobo at Mamanwa ang mapaminsalang pagmimina ng SRMIN at ilang mga pulitiko na nagpapayaman dahil sa operasyon

nito.

Disyembre 21. Nilusob at dinisarmahan ng BHB ang mga gwardya ng Sinophil Mining Corp. sa Barangay Pinagrealan, Candelaria, Zambales. Pinasok ng mga gerilya ang minahan sakay ng isang siksby. Sinunog din ng mga Pulang mandirigma ang isang bulldoser, dalawang *backhoe* at isang trak ng *compressor*.

Disyembre 16-18. Dalawang sundalo ang napatay at isa ang nasugatan, ayon sa Agustin Begnalen Command ng BHB-Abra nang maganap ang isang engkwentro sa pagitan ng pinagsanib na tropa ng Bravo Coy at Charlie Coy ng 41st IB laban sa isang pinaliit na platon ng BHB sa Lacub, Abra noong Disyembre 16.

Bandang alas-9 ng umaga ay namataan na ng mamamayan ang nagmamaniobrang 40-kataong platon ng kaaway. Kagyat naman nila itong ipinaabot sa mga Pulang mandirigma. Mabilis na gumawa ng aktibong depensa ang platon ng BHB at nalagasan ang mga reaksyunaryong tropa nang sumalakay ang mga ito bandang alas-12:30 ng hapon.

Walang kaswalting natamo ang BHB kahit lubhang mas malakas ang pwersa ng kaaway. Hinintay ng kaaway ang pagkagat ng dilim bago nila palusutin ang kanilang mga kaswalti. Kinabukasan, pinalabas ng mga propagandista ng reaksyunaryong militar na nalagasan ang BHB at nagtakbuhan umano ang mga ito.

Napilitang umurong noong Disyembre 18 ang "stay-behind unit" ng 41st IB sa takot na salakayin sila ng BHB. Kanilang hinuli ang pitong sibilyan upang gawing mga pananggalan sa kanilang pag-atras. Sinunog din nila ang mga pine tree para hindi makadikit sa kanila ang mga Pulang mandirigma. AB

2 bihag, pinalaya ng BHB

Pinalaya na ng Merardo Arce Command-BHB ang mga bihag-dig-mang sina 1Lt. Vicente Cammayo at P03 Eduardo Tumol.

Si Tumol ay pinalaya noong Disyembre 24 sa Mati City at inintrega sa mga taong simbahan at ilang upisyal ng pamahalaang lokal ng Davao Oriental. Si Cammayo naman ay pinalaya nitong Enero 6 sa Loreto, Agusan del Sur at ipinaubaya sa mga kinatawan ng International Committee of the Red Cross.

Ang pagpapalaya sa dalawang bihag ay kagandahang-loob kaugnay ng selebrasyon ng ika-40 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas.

Si P03 Tumol ng 110th Provincial Mobile Group ay nabihag noong November 5 sa Barangay Baogo, Cateel, Davao Oriental ng mga Pulang mandirigma. Nakumpiska sa kanya ang isang M16, isang .45 pistol at KG-9 *submachine gun*.

Si Cammayo naman ay dinakip matapos ang isang labanan sa Barangay Casoon, Monkayo, Compostela Valley noong Nobyembre 7.

Sa kanilang mga pahayag matapos sila palayain, sinabi nina Tumol at Cammayo na maayos ang naging pagtrato sa kanila ng mga Pulang mandirigma. Kapwa sila nanawagan para sa tigil-putukan upang mapadali ang pagpapalaya sa kanila subalit hindi ito tinugon ng rehimeng Arroyo at ng AFP.

AB



Mga paglabag sa karapatang-tao sa Aurora

Duguan ang mga kamay ng mga upisyal at pwersa ng 48th IB ng Philippine Army sa laganap na paglabag nito sa mga karapatang-tao sa prubinsya ng Aurora.

Ayon sa Multi-Sectoral Action Group (MSAG), isang alyansa ng mga organisasyon ng mamamayan, mga *non-government organization* at mga samahan ng simbahang Katoliko sa silangang bahagi ng Central Luzon, ginagamit bilang mga himpilan ng mga sundalo ng 48th IB ang 16 na *barangay hall* at *health center* sa bayan ng Dipaculao. Dahil dito, nagugulo ang serbisyong panlipunan ng mga lokal

na pamahalaan.

Mismong ang presensya at paglilibot ng maraming sundalo ay nagdudulot ng takot sa mamamayan ng Dipaculao. Paglabag din ito sa CARHRIHL (Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law) na nilagdaan ng Gobernerno ng Republika ng Pilipinas noong 1998 at sa Protocol II of the Geneva Conventions, kung saan isa

ang Pilipinas sa mga bansang lumagda. Ang pagkakampo ng militar ay nag-sasapanganib din sa mga sibilyang komunidad.


Ang 48th IB, na naka-

base sa Barangay Calabuanan, Baler ay pinamumunuan ni Col. Natalio Jayson.

Bukod sa panganib na dulot ng pagbase ng 48th IB sa mga komunidad ng sibilyan, matindi rin ang perwisyo sa buhay at kabuhayan ng masa ng mga operasyong militar nito. Malaking abala ang pagpapababa sa mga pasahero at pag-inspeksyon ng militar sa mga bus na byaheng Dinalungan-Casiguran-Dilasag sa hilagang Aurora at sa mga bus sa bayan ng Maria Aurora.

Pilit na pinalikas ang taumbaryo sa mabubundok na barangay ng Casiguran at Dingalan dahil sa pagtugis umano ng militar sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Hindi rin pinahihintulutang umalis ang mga residente ng Barangay Umiray sa hangganan ng Dingalan, Aurora at General Nakar, Quezon hangga't wala silang permiso sa militar. Dahil sa tuluy-tuloy na kampanyang militar ng AFP laban sa mga rebusyonaryong pwersa, matagal nang hindi nakababalik sa kanilang mga taniman ang mga taumbaryo.

Iginiit ng MSAG sa Commission on Human Rights (CHR) na isara na ang kampo ng 48th IB sa Baler, kabisera ng Aurora, at palayasin ang mga tropa nito sa bayan ng Dipaculao dahil sa laganap na pang-aabusong militar. Sila ay sina Federico Ruiz, 56, kasapi ng Justice and Peace Action Group (JPAG); Antonio Toledo, 56, isang guro; Elmer Dayson, 56, lider ng Panlalawigang Alyansa ng Magbubukid ng Aurora; at Flo-





rencio Pascual, 52, lider ng Aniban ng Kilusang Magbubukid ng Aurora.

Si Ruiz ay "inimbitahan" sa kampo ng militar, inimbestigahan tungkol sa mga gawain niya sa JPAG at sapilitang kinunan ng litaro.

Si Toledo naman at ang kanyang asawa ay pinaratangang mga kasapi ng BHB nang hindi sila dumalo sa asebliyang inorganisa ng 48th IB at sa halip ay dumalo sa isang seminar sa Angeles City, Pampanga.

Samantala, inirereklogo ng lider-magsasaka na si Pascual ang pagpunta-punta sa kanyang bahay ng isang Corporal Manawis at isa pang sundalo. Gumagawa ang dalawang sundalo ng sensus at kinukunan ng litaro si Pascual nang walang pahintulot. Inaakusahan nila ang anak ni Pascual na si Desiresa na siya

umanong pumalit sa isang Janine Diaz bilang lider ng isang grupo ng kababaihang magbubukid, ang Samana.

Si Dayson naman ay biktima ng iligal na pag-aresto, detensyon at matinding pananakot at pagbabanta ng 14 na sundalo sa pamumuno ng isang may apelyidong Rivera. Pinararatanagan si Dayson na isa sa mga nanambang sa militar sa San Luis.

Kaugnay nito, mariing binatikos ng mga taong simbahang Aurora noong Disyembre 16 ang mga pang-aabuso ng militar. Binasa sa mga pulpito ng mga simbahang Katoliko sa prubinsya ang pahayag ng sampung pari na mariing kumukundena sa mga abuso. Sinuportahan ito ni Bishop Rolando Tria Tirona ng Prelature of Infanta na nakasasaklaw sa Aurora. AB

Mga aktibista, inaresto, pinaslang

Iligal na pang-aaresto at pamamaslang ang pinakahuling paglabag ng rehimeng Arroyo sa mga karapatang-tao. Sumusunod ang mga ulat na nakalap ng *Ang Bayan*:

Disyembre 28. Pinaslang ng dalawang nakabonet na lalaki ang *municipal coordinator* ng Anakpawis-Floridablanca na si Nelson Malit, 48. Naglalaro noon ng baraha si Malit kasama ang dalawa pa niyang kaibigan sa Barangay del Carmen, Floridablanca, Pampanga. Si Malit, may asawa at tatlong anak, ay nagtamo ng apat na tama ng bala mula sa pistolang kalibre .45. Ang biktima ay bahagi rin ng istap ng Alyansa ng Magbubukid sa Gitnang Luzon (AMGL).

Disyembre 23. Binanilhanggang sa mapatay ng pinaghihinalang mga elementong militar si Fernando "Dondon" Sarmiento bandang alas-7 ng gabi sa Purok I, Barangay Cabi-nuanan, New Bataan, Compostela Valley. Nagtamo ang biktima ng limang tama ng bala.

Si Sarmiento ay pangkalahatang kalihim ng Panalipdan-New



Bataan, isang grupong tumutulol sa malawakang pagmimina sa Southern Mindanao Region. Partikular na tinutululan ng organisasyon ang higanteng PhilCo Mining. Ayon sa mga kasamahan ni Sarmiento, noong Hulyo 16 ay isinailalim siya sa interogasyon ng mga elemento ng 28th IB sa pamumuno ni Lt. Wendel Ariola at inakusahang

myembro ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Si Sarmiento ang pinakaunang aktibista-tang pinaslang sa rehiyon makaraang buuin ng rehimeng Arroyo ang Investment Defense Force (IDF). Iniatis ni Arroyo ang pagbubuo ng IDF noong Pebrero 2008 para umano protektahan ang mga minahan, pasilidad ng kuryente at iba pang imparastruktura laban sa pang-aatake ng BHB.

Disyembre 22. Iligal na inaresto at sinampaahan ng mga gawa-gawang kaso ang 13 kasapi ng iba't ibang progresibong organisasyon

sa Batangas City. Ayon sa Batangas Integrated Human Rights Advocates (BIHRA), nilabag ng Batangas City Police ang prubisyon ng Batas Pambansa 880 dahil hindi nito sinnunod ang takdang 100 metrong pagitan ng mga raliyista at mga pulis at ang pagdadala umano ng mga pulis ng malalakas na armas.

Ang mga inaresto ay sina Arnold Evangelista, pinuno ng BIHRA; pinuno ng People's Coalition for Alternative Development na si Thelma Maranan at asawa nitong si Jose; Ronald Suarez; Onorio Real Jr.; Felicidad Lumalang; Rafael Lubia; Isagani Isita; Fidel Hiwattig, Jr; Salome Eraso; Roberto Mendoza; Juna Arante; at Lina Amante. Kabilang sila sa may 200 raliyista-tang nagtipon para magmartsa tungong *city hall* subalit hinirang ng mga pulis, na ang ilan ay lasing.

Balak sanang makipagdayalog ng mga raliyista kay Batangas City Mayor Eduardo Dimacuha tungkol sa mga isyu ng kagutuman at pagkawala ng mga trabaho ng mga manininda sa pantalan at mga hindi pa nabayarang obligasyon sa kania ng Philippine Ports Authority. AB



Panibagong agresyon ng Israel sa Palestine

Noong Disyembre 27, sinimulan ng Israel ang pinakamalupit na opensiba sa kasaysayan ng gerang agresyon nito laban sa mama-mayang Palestino. Matapos ang halos dalawang linggong pambombola at pagsalakay ng libu-libong tropa ng Israel sa Gaza City, Palestine, mahigit 600 mamamayang Palestino na ang napapatay kabilang ang mahigit 200 bata. Mahigit 2,700 na ang nasusugatan. Karamihan sa mga biktima ay mga sibilyan.

Layunin ng Israel na ibagsak ang lehitimong gubyerno ng Palestine na kasalukuyang hawak ng militanteng organisasyon Hamas. Nanalo ang Hamas sa pinakahulihing eleksyong pamparlamento noong 2006. Nang malukllok ito ay pinighbayo ng US, Israel at mga kaalyado nila ang iba't ibang anyo ng panggigipit sa Palestine, kabilang ang embargo sa ekonyoma at mga pananalakay-militar. Bahagi ng kansunduan sa huling tigil-putukan ang pagtitigil ng Israel sa pagbobllokeyo ng mga hangganan at pag-lulunsad ng mga atake sa Gaza, ngunit pinaglalabag lamang ang mga ito ng Israel.

Ang pinag-ibayong malupit na pag-atake ngayon ng Israel sa Gaza ay pagpapatuloy ng ilang dekada na nitong agresyon at henosido laban sa mga Palestino at pagpigel sa kanilang makamit ang kasarin-

lan at mga fundamental na karapatan.

Maraming mga imparaistrutural sibilyan sa Gaza, kabilang ang mga paaralan, ospital at planta ng tubig at kuryente, ang winasak o pininsala ng Israel. Lumala ang kalagyan ng mamamayan dito dahil sa malawakang pagkawasaki ng kabuhayan at mga batayang serbisyo. Kumpara rito, sa pinakahulihing mga labanan ay ni wala pang sampung Israeli ang napapatay at minimal ang pinsala sa imparaistrutura sa pagpapasabog ng mga Palestino ng mga *rocket* sa katimugan ng Israel upang ipagtanggol ang kanilang territoryo.

Malawakang pagbatikos mula sa mamamayan at gubyerno sa iba't ibang bansa at mula sa mga pandaidigdang organisasyon ang inaani ng Israel sa panibagong agresyon nito sa Palestine. Kabilang na sa

mga kumundena sa Israel at sa matinding pinsalang idinudulot nito sa mamamayang Palestino ang Arab League at Organization of Islamic Conference. Nanawagan naman ng tigil-putukan at nagpahayag ng pagkabahala sa lumalang kalagayan ng mga sibilyan sa Palestine ang European Union, African Union, Amnesty International at si Pope

Benedict XVI. Dahil naman sa pagtutol ng US, ibinasura ng UN Security Council ang mungkahi ni UN Secretary General Ban Ki Moon na manawagan ng tigil-putukan ang UN.

Pinakamatinding pagkundena ang ipinahayag ng Partido Komunista ng Pilipinas sa walang pakundang pag-atake ng Israel sa Gaza.

Sa kabilang nito, patuloy pa rin ang suporta ng gubyernong Bush sa rehimeng Ehud Olmert ng Israel, na tumatanggap ng bilyun-bilyong dolyar na ayudang militar mula sa US.


Bunsod ng pagpapatindi ng Israel sa gerang agresyon nito, nag-iibayo ang mga kilos protesta sa iba't ibang dako ng mundo. Nag-nanap ang pinakamalalaking protesta sa Turkey kung saan umabot sa 700,000 ang nagmartsa sa Istanbul nitong Enero 4. Nagrali rin ang may 100,000 Arabong Israeli na nanirahan sa hilagang Israel na tutol sa nangyayaring pananalakay. Sa Morocco, binato ng mga sapatos at sinunog ng 40,000 raliyista ang mga *effigy* nina Bush at Olmert.

Sa US, naglunsad ng mga protesta sa Washington DC; Detroit; New York; Los Angeles; at iba't ibang syudad sa Florida. Iginigiit ng mga nagpuprotesta ang pagtigil ng ayudang militar ng US sa Israel.

Malaking pagkakamali ng Israel ang pagsalakay ng mga tropang panlupa nito sa mismong territoryo ng Gaza, kung saan haharapin nito ang pakikidigmang gerilya ng Hamas at iba't iba pang patriyotikong armadong grupong Palestino at ang galit ng mamamayang Palestino. Anang Hamas, magsisilbing libungan ang Gaza para sa mga tropang Israeli.

AB





Editoryal

Rebolusyon ang sagot sa kahirapan

Hungkag ang mga pahayag ni Gloria Arroyo na ligtas sa pandaigdigang resesyon ang lokal na ekonomya, na minimal lamang ang magiging epekto nito sa bansa at pagbagal lamang umano ang mangyayari dahil nasuhayan ng kanyang rehimeng ekonomya laban sa mas mabigat na epekto ng krisis.

Ipinagmamalaki nito ang pag-papataw ng *value added tax* (VAT) na siya umanong sumusuhay ngayon sa ekonomya at pinanggalingan ng mga "subsidyo" na pantulong daw sa mga naghihirap at nagugutom na mamamayan. Pinalalabas na mabubuhay ang bansa sa remitans ng mga migranteng Pilipino at sa inaasahang papasok na dayuhang kapital, pa-utang at "ayuda."

Magiging masahol, matagal at mapangwasak ang resesyon sa mga atrasado at di industriyal na mga malakolonya tulad ng Pilipinas.

Ngayon pa lamang ay napasisi-nungalingan na ang mga buladas ni Arroyo. Lalong lumalala ang kahirapan at kagutuman sa bansa. Mabilis na tumataas ang presyo ng mga bilihin, mababa ang kita at lu-

malaganap ang disemployo.

Kung pagbabatayan ang sarbey ng Social Weather Stations noong Disyembre, pinakamalala ang kagutuman ngayon kung saan 23.7% (21.5 milyon katao) ng mamamayang Pilipino ang dumaranas ng iba't ibang antas ng kagutuman. Mas malala pa rito ang 40% tan- tos ng kagutuman, ayon sa sarbey ng Gallup International nitong Nobyembre. Doble ito ng pandaigdigang abereyds at naglagay sa Pilipinas bilang ikalima sa taalan ng kagutuman sa buong mundo.

Walang anumang naitulong sa ekonomya ng bansa at sa naghihi-kahos na mamamayan ang VAT na ipinagmamalaki

ni Arroyo at ang mga "subsid-yong" kinuha rito para umano sa mga maralita at nagugutom. Sa katuanya,

ang malaking kalakhan ng mga ito ay sinarili lamang ni Arroyo at mga kasapakat niya para magpakabundat at makapangunyapit sa kapangyarian lampas sa 2010.

Samantala, wala pa ring tigil ang sakim na pangungurakot nina Arroyo na isinasangkalan ang umano'y pagtulong sa mahihirap at pag-apula sa epekto ng tumitingding krisis pangkabuhayan ng mamamayan.

Mga tampok sa isyung ito...

Maniningnin na tagumpay ng PKP sa mga rehiyon PAHINA 3

33 armas nasamsam,
3 pulis nabihag sa mga opensiba PAHINA 4

Panibagong agresyon ng Israel sa Palestine
PAHINA 8

Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-print sa istensil:
 - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
 - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
 - c) I-click ang **Properties**
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
 - f) Ituloy ang pag-print
- 3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa angbayan@yahoo.com